**Ottawa, ika-22 ng Marso 2011**

# INILUNSAD NG HARPER GOVERNMENT ANG NEXT PHASE NG ECONOMIC ACTION PLAN NG CANADA - ISANG LOW-TAX PLAN PARA SA MGA TRABAHO AT PAGLAGO NG EKONOMIYA

Nag-table si Honourable Jim Flaherty, Minister of Finance, ng isang budget plan na naglulunsad sa Next Phase ng Economic Action Plan ng Canada, isang low-tax plan para sa mga trabaho at paglago ng ekonomiya, at pinananatili nito ang Pamahalaan sa tamang daan upang bumalik sa mga balanseng budget sa medium term.

"Gagamitin ng ating Pamahalaan ang tagumpay ng ating stimulus plan," sabi ni Minister Flaherty. "Habang ang private sector ay patuloy na nagpapatakbo sa ekonomiya at paggawa ng mga trabaho, itataguyod ng ating Pamahalaan ang mga tamang kondisyon para sa pangmatagalang masaganang ekonomiya habang nananatili sa tamang daan upang bumalik sa balanseng budget sa medium term."

Sa tulong ng sustainable, low-tax environment at mga polisiya na maigi para sa ekonomiya na sinimulan noong 2006, magfofocus ang Next Phase ng Economic Action Plan ng Canada sa pagsuporta sa paggawa ng mga trabaho, pagsuporta sa mga pamilya at mga komunidad, pag-invest sa innovation, edukasyon at training, at pagpreserba sa kahusayan ng ekonomiya ng Canada.

## Ang Pagsuporta sa Paggawa ng Trabaho

Susuportahan ng Pamahalaan ang paggawa ng trabaho sa pamamagitan ng pagtulong sa mga negosyo at mga negosyante na magtagumpay, pagpapanatiling mababâ ang taxes, pag-invest sa mga proyekto na mahalaga sa bansa, at pagpapanatili sa brand ng Canada bilang isa sa mga pinakamainam na lugar upang mag-invest.  Itinataguyod ng Next Phase ng Economic Action Plan ng Canada ang mga priyoridad na ito sa pamamagitan ng:

- Paglaan ng isang temporary Hiring Credit para sa Maliliit na Negosyo upang hikayatin ang karagdagang hiring ng mahalagang sektor na ito.
- Pagpapahaba ng panahon ng work-sharing program at ng Targeted Initiative for Older Workers upang tulungan ang mga Canadian na manatili sa trabaho.
- Pagsuporta sa sektor ng manufacturing at processing sa pamamagitan ng pag-extend nang dalawang taon sa accelerated capital cost allowance rate para sa investment sa makinarya at equipment sa manufacturing o processing.
- Pagsasabatas ng isang permanenteng taunang investment na $2 billion sa Gas Tax Fund upang magbigay ng maaasahan at pangmatagalang pagpondo sa infrastructure para sa mga munisipalidad.
- Pag-invest upang itaguyod ang innovation sa mga mahalagang sektor ng Canada sa agrikultura, forestry, at mining.

## Pagsuporta ng mga Pamilya at mga Komunidad

Susuportahan ng Pamahalaan ang mga pamilya at mga komunidad upang makapag-enjoy ang lahat ng mga Canadian ng mataas na standard of living at upang manatiling aktibo at ligtas ang ating mga komunidad. Nag-iinvest ang Next Phase ng Economic Action Plan ng Canada sa mga layunin nito sa pamamagitan ng:

- Pagdagdag sa Guaranteed Income Supplement (GIS) para sa mga senior na umaasa halos lamang sa kanilang Old Age Security at sa GIS at maaaring dumanas ng kahirapan sa pananalapi.  Ang tulong na ito'y magbibigay ng bagong top-up benefit nang hanggang $600 bawat taon para sa mga senior na walang asawa at $840 bawat taon para sa mga mag-asawa. Ang tulong na ito ay isang investment na mahigit sa $300 milyon bawat taon at pabubutihin nito ang pinansiyal na seguridad ng higit sa 680,000 seniors sa buong Canada.

- Pag-akit ng mas maraming health care workers sa rural at malalayong komunidad sa pamamagitan ng hindi pagbawi sa pederal na komponente ng Canada Student Loans para sa mga bagong pampamilyang doktor at hanggang $20,000 para sa nurse practitioners at mga nars.
- Pagsimula ng isang bagong 2,000 Family Caregiver Tax Credit na magbibigay ng tax relief sa mga caregiver ng mga may sakit na kamag-anak na nangangailangan ng tulong, kabilang ang mga asawa, mga kapareha, at mga batang menor-de-edads; ito'y ngayon pa lamang isasagawa.
- Pagsimula ng isang bagong Children's Arts Tax Credit sa hanggang $500 bawat bata na eligible fees na may kinalaman sa mga pangsining, kultural, panlibangan at debelopmental na aktibidad ng mga bata.
- Pagsimula ng isang $3,000 Volunteer Firefighters Tax Credit para sa volunteer firefighters na nagsasagawa ng kahit 200 oras na serbisyo man lamang sa kanilang mga komunidad.
- Pagbigay ng halos $870 milyon sa loob ng dalawang taon para sa pagbabago ng climate at kalidad ng hangin, kabilang ang pagpapalawak ng ecoENERGY Retrofit – Homes program na tutulong sa mga may-ari ng bahay na gawing mas matipid sa enerhiya ang kanilang mga tahanan at bawasan ang malaking gastos para sa enerhiya.

**Pag-invest sa Innovation, Edukasyon at Training**

Itataguyod ng Pamahalaan ang research sa mga pinakabagong teknolohiya at bibigyan nito ang Canadians ng pagkakataon at insentibo na kunin ang skillls na kinakailangan para sa mga trabaho sa labour market ngayon. Itinataguyod ng Next Phase ng Economic Action Plan ng Canada ang mga priyoridad na ito sa pamamagitan ng:

- Pagbigay ng $80 milyon na bagong pagpopondo nang tatlong taon sa pamamagitan ng Industrial Research Assistance Program upang tulungan ang maliliit at medium-sized na mga negosyo na pabilisin ang kanilang paggamit ng mahalagang impormasyon at mga teknolohiya sa komunikasyon sa pamamagitan ng mga kolaboratibong proyekto sa mga kolehiyo.
- Pagtatag ng 10 bagong Canada Excellence Research Chairs; ang ilan dito ay magiging aktibo sa mga sektor na mahalaga para sa Digital Economy Strategy ng Canada.
- Pagdagdag ng $47 milyon bawat taon sa mga budget ng lahat ng tatlong federal granting councils, kabilang ang suporta para sa mga hindi tuwirang gastos.
- Pagpapahusay ng commercialization at pagsuporta ng demonstrasyon ng mga bagong teknolohiya sa marketplace sa pamamagitan ng pagsuporta sa research links sa mga kolehiyo, mga unibersidad, at mga negosyo.
- Pagdagdag at pag-expand sa Canada Student Loans at Grants para sa part-time at full-time post-secondary students.
- Paggawang eligible para sa tax relief ang lahat ng occupational, trade at professional examination fees upang hikayatin ang skills certification.

**Pagpreserba ng Kahusayan ng Ekonomiya ng Canada**

Ang three-point plan ng Pamahalaan na itinakdâ sa Budget 2010 upang bumalik sa budget balance ay patungo sa pagtipid ng $17.6 bilyon sa darating na limang oras. Nagtatag ang Next Phase ng Economic Action Plan ng Canada sa mga aksyon na ito gamit ang mga hakbang upang makatipid pa sa darating na limang taon sa pamamagitan ng:

- Pagdeliber ng higit sa $500 milyong bagong kasalukuyang savings mula sa isinagawang strategic reviews noong 2010.
- Pagprotekta sa integridad at pagiging makatwiran ng Canadian tax system sa pamamagitan ng pagsara sa tax loopholes.
- Paglunsad ng isang komprehensibong isang-taong Strategic and Operating Review ng paggastos ng bawat departamento sa buong pamahalaan sa 2011-12.

Ang deficit sa 2010-11 ay hinuhulaang hihigit sa 25 porsiyentong mas mababâ kaysa sa noong 2009-10, at ito'y hinuhulaang liliit nang higit sa 25 porsiyento mula sa 2011-12. Nang hindi isinasama ang anumang

targeted savings mula sa Strategic at Operating Review, ang Pamahalaan ay inaasahang magrekord ng surplus na $4.2 bilyon pagdating ng 2015-16.

“Sa darating na panahon, pananatilihin ng Harper Government ang kanyang focus sa mga priyoridad na itinakdâ sa Next Phase ng Economic Action Plan ng Canada, at ang pinakamahalaga rito ay ang bumalik sa budgetary balance,” ayon kay Minister Flaherty. “Kapag nagbigay-diin sa investments na nagtataguyad ng sustainable economic growth, mapapahusay ng ating Pamahalaan ang kalidad ng buhay para sa lahat ng Canadians habang pinananatili ang public services at kultura na naglalarawan sa atin bilang isang bansa.”

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring kontakin ng media ang:

Annette Robertson
Press Secretary
Office of the Minister of Finance
613-996-7861

Jack Aubry
Media Relations
Department of Finance
613-996-8080

*Upang matanggap ang e-mail ukol sa lahat ng news release, mangyaring magregister sa* www.fin.gc.ca/scripts/register-eng.asp